# SHEET PARA SA PAGWAWASTO (ERRATA-B) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Gumawa ng mahahalagang update ang Partnership HealthPlan of California (PHC) sa aming Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal. Ang mga pagbabagong ito ay ipinapaliwanag sa ibaba. **Tiyaking basahin nang mabuti ang mga update dahil maaaring mabago ng mga ito ang paraan ng pagtanggap mo ng pangangalaga.**

Kung mayroon kang mga tanong o nangangailangan ka ng tulong sa pagbabasa nito, tumawag sa (800) 863-4155 (TTY: (800) 735-2929 o 711). Narito kami Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Libre ang pagtawag.

---

***Seksyon 4 – Mga benepisyo at serbisyo***

## Iba pang benepisyo at programang sinasaklaw ng PHC

### Mga programa sa street medicine

Ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay maaaring makatanggap ng mga sinasaklaw na serbisyo mula sa Mga Street Medicine Provider sa loob ng network ng provider ng Partnership. Ang Street Medicine Provider ay isang lisensyadong doktor ng pangunahing

pangangalaga o hindi doktor ng pangunahing pangangalaga sa network ng provider ng Partnership. Ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay maaaring pumili ng isang Partnership Street Medicine Provider upang maging kanilang provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP), kung ang Street Medicine Provider ay nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng PCP at sumasang-ayon ito na maging PCP ng miyembro. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa sa street medicine ng Partnership, tumawag sa (800) 863-4155 (TTY (800) 735-2929 o 711).